REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91- 242

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PAGTATALAGA NG HALAGANG ISANG MILYON PITUNG DAAN ANIMNAPU'T PITONG LIBO ANIM NA DAAN TATLUMPU'T APAT NA PISO WALUMPU'T WALONG SENTIMO (P1,767,634.88) BILANG KABAYARAN SA PIDCO STRUCTURES INTERNATIONAL SA PAGKAKAGAWA NG PAMILIHANG BAYAN NG MUNTINLUPA NOONG 1984.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, alinsunod sa Memorandum of Agreement na isinagawa noong 28 Hulyo 1984 sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na kinakatawan ng dating yumaong Punong Bayan Maximino A. Argana at ng PIDCO Structures, International na kinakatawan ni G. Bienvenido M. Leopando, ang huli ang gagawa ng pamilihang bayan na itatayo sa Barangay Alabang, Muntinlupa at ang pagbabayad ng kaukulang halaga ng pamahalaang bayan sa paggawa nito;

SAPAGKAT, ang mga kaukulang serbisyo ay sinang-ayunan at isinaayos ng magkabilang panig alinsunod sa mga pinagpasiyahang tuntunin at pamamaraan na nakasaad sa kasunduan;

SAPAGKAT, ang anumang pagkakautang ng pamahalaang bayan ay nararapat lamang bayaran upang mapanatili ang kredebilidad at integridad ng mga namumuno dito;

SAPAGKAT, ang PIDCO Structures, International ay may sapat na mga dokumento upang suportahan ang sinisingil nitong pagkakautang ng pamahalaang bayan sa pagkakagawa ng pamilihang bayan noong 1984.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang pagtatalaga ng halagang Isang Milyon Pitung Daan animnapu't Pitong Libo Anim na Daan Tatlumpu't Apat na Piso Walumpu't Walong Sentimo (P1,767,634.88) bilang kabayaran sa PIDCO Structures, International sa pagkakagawa ng Pamilihang Bayan ng Muntinlupa noong 1984.

PINAGTIBAY , ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 183rd regular na pulong na ginanap ngayong ika16 ng Disyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
onsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts